

Ika-58 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki



Colors, Future!

いろいろって、未来。

川崎市

Pinamatnugan at inilathala ng: Opisina ng Karapatan at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian,
Kawanihan ng Kultura ng Mamamayan, Lungsod ng Kawasaki, Disyembre 28, 2016
(Wikang Hapon) <http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0.html>
(Wikang Hapon na madaling maintindihan) <http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html>

〈Pagsali sa International Festival in Kawasaki〉

Noong ika-tatlo ng Hulyo, Linggo, ay sumali ang mga kinatawan ng dayuhan sa International Festival in Kawasaki na ginanap sa Kawasaki International Center.

Ngayong taon, na ika dalawampu't dalawang beses ng ibento, ang mga dumalo ay humigit sa 15,000 na katao. Sa booth ng mga miyembro ng Kinatawan ay may turnamento ng bato-bato-pick, at lugar para sa mga bata upang gumuhit ng bandila ng iba't ibang bansa. Nakipag-usap din ng mga miyembro sa mga dumalo at ipinakilala ang mga aktibidad ng grupo.

Ang mga bagong miyembro na nagsimula lamang noong Abril, ay nagulat sa dami ng mga lumahok na tao at organisasyon.



〈Pagsali sa Tabunka Fiesta Saiwai〉

Kasunod ng International Festival, ang mga kinatawan ay sumali rin sa Tabunka Fiesta Saiwai na ginanap noong ika-24 ng Setyembre, Sabado, sa Saiwai Shiminkan. Kahit na umulan sa hapon ng ibento, ay marami paring dumalo dito.

Masaya ang mga malalaking ibento kagaya ng International Festival at Shimin Matsuri. Ngunit meron ding ibang kasayahan ang ibento kagaya ng Tabunka Fiesta Saiwai kung saan maaring makipag-usap ng madami sa mga lokal na tao.



Ulat ukol sa Deliberasyon ng ika-11 na Termino


Ang ika-11 na termino ng mga Kinatawan ng Dayuhan, na nagsimula noong Abril, ay nagtapos ng ika-anim na miting. Ngayong termino, upang malaman ang mga pangangailangan ng mga dayuhang residente na hindi miyembro ng kinatawan, aming pinag-aralan ang resulta ng “Survey ng mga Dayuhang naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki”. Ang survey na ito ay para maintindihan ang aktwal na sitwasyon ng mga dayuhang naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki, at gamitin ang resulta sa iba’t ibang patakaran upang magkaroon ng multikultural na lipunan. May 20 taon mula nang nagsagawa ng aksyon kagaya ng 2014 Survey at 2015 Interview. Dahil sa pag-aral ng resulta ng survey at interview, aming napag-alaman ang pangkalahatang katangian at mga pangangailangan ng mga dayuhan na naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki.

Matapos pag-aralan ang mga resulta, ay nagkaroon kami ng groupwork. Upang mas madali ang pagsulong ng mga deliberasyon, pumipili ang mga miyembro ng tema, at hinahati ang tema at mga miyembro sa dalawang seksyon. Sa nakaraang termino, dahil madami ang tema, may opinyon na hindi nakapagdeliberasyon ng husto sa mga temang ito. Dahil dito, ngayong termino, bago gumawa ng seksyon, ay nagsagawa ng groupwork upang ibahagi sa lahat ng miyembro ang mga importanteng isyu at ideya ng mga tema. Kapag nahati na ang grupo sa mga seksyon, ay magkakaroon ng deliberasyon para sa ilang importanteng tema lamang.

Sa open forum na ginanap noong Nobyembre, ay narinig din namin ang mga opinyon ng mga dumalong dayuhan at hapon na naninirahan sa lungsod.

Ngayon, gamit din ang mga opinyong nakuha sa open forum, ay nagsisimula na ng pagpili ng tema para sa pag-gawa ng seksyon.

He Jia Hui, Tagapangulo



Nais mo bang makinig sa meeting?

—Iskedyul ng Pagpupulong—

Lugar : Kawasaki International Center (10 minutes na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Toyoko Line)

Mapa: <http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml>

Oras : mula 2pm hanggang 5pm

<Termino ng Taong 2016>

[Ika-apat na meeting]

Unang araw	Enero 15, Linggo	Ikalawang Araw	Pebrero 12, Linggo
------------	------------------	----------------	--------------------

<Termino ng Taong 2017>

[Ika-unang meeting]

Unang Araw	Abril 23, Linggo	Ikalawang Araw	Mayo 21, Linggo
------------	------------------	----------------	-----------------

[Ika-dalawang meeting]

Unang Araw	Hunyo 25, Linggo	Ikalawang Araw	Setyembre 3, Linggo
------------	------------------	----------------	---------------------

[Ika-tatlong meeting]

Unang Araw	Oktubre 15, Linggo	Ikalawang Araw	Disyembre 10, Linggo
------------	--------------------	----------------	----------------------

[Ika-apat na meeting]

Unang Araw	Enero 21, Linggo	Ikalawang Araw	Pebrero 18, Linggo
------------	------------------	----------------	--------------------

* Ang meeting ay pwedeng daluhan ng kahit sino. Halina't makibahagi sa pagpupulong!

Pagpapakilala ng bagong miyembro

Dahil sa pag-alis ng miyembro ng kinatawan na si Khatiwada Puskar (Nepal), nagkaroon ng bagong miyembro na si Sali Abhishek.



- Pangalan (Nasyonalidad o Rehiyon)
Sali Abhishek (India)
- Pakiramdam ngayong naging Kinatawan, nais na pag-usapan sa mga pulong
Nais kong pag-usapan ang pag-aaral, pangangalagang medikal, pag-papalaki ng bata, internasyonal na pag-unawa, pagkonsulta, atbp.
Nais kong pag-diskusyonan kung paano gagawing mas mabuti ang Lungsod ng Kawasaki para sa mga mamayan nitong may iba't ibang kultura.
- Paboritong kasabihan o mga hilig
Kilalanin at kaibiganin ang mga tao mula sa iba't ibang bansa.
Bigyan ng importansya ang once-in-a-lifetime experience, at bigyan ng importansya ang bawat oportunidad.

Inirerekumendang lugar sa mundo

“Gubat ng Thuringia —Pag-enjoy ng winter ng Germany—”

Winter na. Sa Kawasaki, hindi naman madami ang araw na umuulan ng nyebe, ngunit kapag malamig, hindi ba parang marami ring mga tao ang nais magpahinga sa kotatsu, kumakain ng mikan, at umiwas sa paglabas ng bahay. Alam ko din ang pakiramdam na iyon, pero sa Germany, may mas masayang paraan ng pagpapalipas ng winter.

Lalo na sa aking pinanggalingan na Thuringia, maaalala ang manyebeng hiking trail. Kahit na nasa nagyeyelong temperatura, kayang mapainit ang katawan at magpawis, dahil sa masayang paglalakad habang tinitingnan ang purong puting kapaligiran. At mula sa malayo, maririnig ang tahol ng Husky dog. Husky dog? Oo, husky dog. Sa gubat ng Thuringia, may maliit na bayang tinatawag na Frauenwald na may populasyong hindi hihigit sa 1,000 na katao. Tuwing Pebrero ay may sled dog race sa lugar na ito. Sa nakaraan, naganap na dito ang Sleddog European Cup o World Cup. Kapag nakita ang masiglang pagtakbo ng mga asong ito, siguradong ang katawan at puso rin ay iinit at sisigla din. Para sa mga manonood ng race na nalalamigan, may tent kung saan may naghihintay na mainit na pagkain.

Pag-uwi matapos ang maglakad sa gitna ng kalikasan, napakasarap umupo sa harap ng fireplace. Kahit na napakalamig na winter, maiisip na ito pala ay isang napakasayang panahon. Sabi nga ng isang kasabihan sa Germany, “Walang masamang panahon. Ang meron lang ay maling mga damit”.

Kung mayroon kayong pagkakataon na pumunta ng Germany sa winter, sana ay masubukan ninyo ang pagpalipas ng winter na kagaya nito. Ngunit huwag ninyong kalimutan ang coat!

Sa susunod na newsletter, nais kong muling magpakilala ng mairerekumendang lugar sa mundo.



(Dittmar Daniela)

Malapit na ang bagong taon ng eskwela: Handa ka na ba sa pagpasok?

Pagkatapos ng kalahati ng Enero, madalas ay nagsisimula na ang paghanda para sa bagong taon ng eskwela. Sa Japan, karamihan ng mga magsisimula ng elementarya, ay naghahanda ng kanilang school bag na "Randoseru". Kamakailan lamang, ang timing ng pagbili ng Randoseru ay napapaaga na. Kung order-made, maraming mga tindahan ang tumatanggap ng reserbasyon ng order mula summer ng nakaraang taon. Ngunit kung hindi naman mapili sa kulay at design ng bag, ay makakabili naman sa Pebrero o Marso. Maliban sa bag, kailangan din maghanap ng mga kagamitan sa pagsulat at damit para sa gym. Kapag hindi alam kung anong klaseng gamit ang dapat iprepara, maaaring makinig sa briefing session o setsumei-kai na gaganapin bago magsimula ang eskwela. Pwede din magtanong sa eskwela maliban sa oras ng briefing session.

Maliban sa elementarya, ang mga kindergarten school (youchien) at nursery school (hoikuen) din ay may mga kinakailangang bagay kagaya ng bag, indoor shoes (uwabaki), at iba pa. Kapag napagdesisyonan na ang pagpasok sa kindergarten o nursery, makinig sa briefing session (setsumei-kai), at ikumpirma at ihanda ang mga kailangan bago magsimula ang eskwela sa Abril.



(Kim Sunok)



« Multilingual na impormasyon tungkol sa elementary school »

- ◎ Manwal ukol sa pagpasok sa paaralan ng anak ng mga dayuhang magulang "Patungo sa sama-sama na pamumuhay sa lipunan" (Kagawaran ng Edukasyon ng Lungsod ng Kawasaki)
[Japanese, Ingles, Espanyol, Portuges, Tagalog, Koreano, Chinese]
http://www.keins.city.kawasaki.jp/1/KE1026/kikoku_gaikoku/kikokugaikoku.html
- ◎ Aklat na patnubay sa pagpasok sa paaralan "Paraan ng pagpasok sa paaralan ng Japan" (Ministri ng Edukasyon, Kultura, Isports, Agham at Teknolohiya)
[Ingles, Koreano, Vietnamese, Tagalog, Chinese, Portuges, Espanyol]
http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/clarinet/003/1320860.htm
- ◎ "Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika" (Council of Local Authorities for International Relations)
[Japanese, Ingles, German, Chinese, Koreano, Pranses, Espanyol, Portuges, Tagalog, Vietnamese, Indonesian, Thai, Russian, Myanmar, madiling maintindihang Japanese]
<http://www.clair.or.jp/tagengo/>

■ Konsultasyon: Kawasaki City Comprehensive Education Center, Lugar ng Pagpayo para sa Dayuhang Mag-aaral (Japanese lamang)

Tel: 044-844-3733 Address: Kawasaki-shi Takatsu-ku Mizonokuchi 6-9-3

<http://www.keins.city.kawasaki.jp/>

【Para sa katanungan】

Opisina ng Karapatan at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kultura ng Mamamayan, Lungsod ng Kawasaki
Kawasaki Frontier Building 9th Floor, Ekimaehoncho 11-2, Kawasaki-ku Kawasaki City 210-0007

Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp

Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.



古紙パルプ配合率70%再生紙を使用